Social Security

Papaano Kinikita Ang Credits

2014

www.socialsecurity.gov

Papaano Kinikita Ang Credits

Karapat-dapat ka para sa mga benepisyo ng Social Security kapag kinita mo ang credits na kung saan ikaw ay nagtrabaho at nagbayad ng buwis sa Social Security.

Ang credits ay batay sa halaga ng iyong mga kinita. Ginagamit namin ang kasaysayan ng trabaho mo upang tiyakin ang iyong pagiging may karapatang tumanggap ng mga benepisyo sa pagre-retiro o para sa may kapansanan o ang pagiging may karapatan ng iyong pamilyang tumanggap ng mga benepisyo para sa pagka-balo at pagka-ulila kapag binawian ka na ng buhay. Nitong 2014, makaka-tanggap ka ng credit para sa bawat $1,200 na mga kinita mo, hanggang sa pinakamataas na apat na credit sa bawat isang taon.

Bawat taon, ang halaga ng mga kinikita na kailangan para sa credits ay tumataas ng kaunti habang ang mga karaniwang hanay ng mga kinita ay tumataas. Ang credits ng kinita mo ay mananatili sa iyong talaan ng Social Security kahit na magpalit ka pa ng trabaho o pansamantalang wala kang mga kinikita sa ngayon.

Mga di-pangkaraniwang alituntunin para sa ilang mga trabaho

May mga di-pangkaraniwang alituntunin para kumita ng coverage sa Social Security sa mga ilang uri ng trabaho. Kung ikaw ay self-employed (nagta-trabaho sa sarili), kumikita ka ng mga credit sa Social Security na katulad rin ng mga manggagawa (isang credit para sa bawat $1,200 ng mga netong kita, ngunit ito ay hindi hihigit sa apat na credit sa bawat taon). Ang mga di-pangkaraniwan na alituntunin ay gamitin kung mayroon kang taunang netong kinita na mas mababa sa $400. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan kami para sa libreng kopya ng Kung Ikaw *Ay Nagta-trabaho Sa Iyong Sarili* (Publikasyon Blg. 05-10022-TL).

Kung ikaw ay nasa pang-hukbong serbisyo, ang kinikita mong mga credit sa Social Security ay katulad ng kinikita ng mga manggagawang civilian. Maaari ka ring tumanggap ng mga karagdagang credit sa mga kinikita sa ilalim ng katiyakang mga kondisyon. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan kami para humiling ng isang libreng kopya ng *Military Service And Social Security* (*Ang Pang-Hukbong Serbisyo At Ang Social Security,* Publikasyon Blg. 05-10017). Ang pahayag na ito ay makukuha lang sa English.

Mayroon din kaming mga di-pangkaraniwang alituntunin tungkol sa kung paano ka kikita ng

mga credit para sa iba pang mga uri ng trabaho. Ang ilan sa mga trabahong ito ay—

- Trabahong pang-tahanan;
- Trabahong pagbu-bukid; o
- Trabaho para sa simbahan o organisasyon na pinamamahalaan ng simbahan na hindi nagbabayad ng mga buwis sa Social Security.

Tumawag sa amin kung mayroon kang katanungan tungkol sa kung paano ka kikita ng credits sa iyong trabaho.

Gaano katagal ka dapat magtrabaho upang maging karapat-dapat para sa Social Security?

Ang bilang ng credits na kakailanganin mo upang maging may karapatang tumanggap ng mga benepisyo ay depende sa iyong edad at sa kung anong uri ng benepisyo.

Mga benepisyo sa pagre-retiro

Sino mang ipinanganak noong 1929 o nitong huli na ay mangangailangan ng 10 taong pagta-trabaho (40 credits) upang magkaroon ng karapatang tumanggap ng mga benepisyo sa pagre-retiro. Ang mga taong ipinanganak bago ang taong 1929 ay mangangailangan ng mas kaunting taon ng pagta-trabaho.

Mga benepisyo para sa may kapansanan

Kung gaanong bilang ng credits ang kailangan mo para sa mga benepisyo para sa may kapansanan ay depende sa edad mo noong nagkaroon ka ng kapansanan.

- Kung ikaw ay nagkaroon ng kapansanan bago ka umabot ng edad na 24, karaniwan ay kailangan mo ng 1½ taon na ipinag-trabaho (anim na credits) sa loob ng tatlong taong bago nag-umpisa ang iyong kapansanan.
- Kung ikaw ay 24 hanggang 30 taong gulang, karaniwan ay kailangan mo ng credits para sa kalahating panahong pagitan ng edad na 21 at ng panahong nagkaroon ka ng kapansanan.
- Kung ikaw ay nagkaroon ng kapansanan sa edad na 31 o mas may edad pa rito, karaniwan ay kailangan mo ng 20 credits man lang sa loob nitong nakaraang 10 taon bago ka nagkaroon ng kapansanan. Makikita sa sumusunod na talangguhit ang mga halimbawa kung gaano karaming credits ang kakailanganin mo kung ikaw ay magkakaroon ng kapansanan sa iba't-ibang mga piling edad. Hindi saklaw ng talangguhit na ito ang lahat ng mga kalagayan.

Nagkaroon ng kapansanan sa edad	Mga kakailanganing credits	Mga taon na ipinag-trabaho
31 hanggang 42	20	5
44	22	5 ½
46	24	6
48	26	6 ½
50	28	7
52	30	7 ½
54	32	8
56	34	8 ½
58	36	9
60	38	9 ½
62 o mas matanda pa rito	40	10

Mga benepisyo para sa nabalo at na-ulila

Kapag namatay ang isang tao na nakapag-trabaho at nakapag-bayad sa buwis ng Social Security, siguradong ang mga miyembro ng pamilya ng manggagawang ito na binawian ng buhay ay maaaring makakuha ng mga benepisyo para sa nabalo at na-ulila. Kakailanganin ang pagta-trabaho ng 10 taon pataas para sa karapatan sa mga naturang benepisyo, depende sa edad ng taong ito sa oras ng kanyang kamatayan. Ang mga naulila ng isang taong bata pang nabawian na ng hiram na buhay ay baka maaaring makakuha ng mga benepisyo para sa kanilang pagka-ulila kung

(kabila)

ang namatay ay mayroong isa at kalahating taong 1½ ipinag-trabaho sa loob ng tatlong taon bago siya binawian ng buhay.

Ang benepisyo ng pagka-kaulila ay maaaring mai-bayad sa:

- Ang nabalo-makukuha ang banepisyo ng buong-buo sa oras ng pagre-retiro sa kabuuang edad , o may bawas na benepisyo sa maagang edad na 60;
- Ang may kapansanang nabalo-sa maagang edad ng 50;
- Sa kung sinong nabalo sa ano mang edad na nag-aalaga ng anak ng namatay sa nakababatang edad sa ilalim ng 16 o may kapanansanan, at tumatanggap na ng mga benepisyo sa Social Security;
- Ang mga anak na wala pang asawa sa ilalim ng edad na 18, o pataas hanggang sa edad na 19 kung sila ay may kabuuang-oras na magaaral sa elementaria o sa mataas na paaralan (high school). Sa ilalim ng tiyak na kalagayan, ang benepesiyo ay maaari ring maibayad sa mga anak sa una ng nabalo, sa mga apo o sa mga batang ampon; o
- Ang mga magulang na sustentado ng nasawi na may edad na 62 o mas matanda pa rito.

Makipag-alam sa amin kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa magiging kalagayan ng iyong pamilya.

Medicare

Ang Social Security credits na kinita mo ay maibibilang din sa iyong pagiging may karapatan para sa Medicare kapag umabot ka ng edad na 65. Maaaring magkaroon ka ng karapatan para sa Medicare sa mas batang edad kung tumatanggap ka na ng mga benepisyo

para sa may kapansanan sa loob ng 24 buwan o mahigit pa rito. Ang iyong mga naulila o nabalo ay maaari ring magkaroon ng karapatan para sa Medicare sa edad na 65 o mas maaga pa rito kung sila ay may kapansanan. Ang mga taong may permanenteng kidney failure at nangangailangan ng kidney dialysis o pagsasalin ng kidney at ang mga may sakit na amyotrophic lateral sclerosis (Lou Gehrig's disease) ay maaaring may karapatan para sa Medicare sa anumang edad. Kung ninanais mong makakuha pa ng karagdagang impormasyon tungkol sa Medicare, makipag-ugnayan sa amin at humiling ng kopya ng *Medicare* (Publikasyon Blg. 05-10043-TL).

Hindi bawat uri ng trabaho ay binibilang para sa mga benepisyo sa Social Security

Hindi lahat ng mga manggagawa na naghahanapbuhay sa kanilang mga pinapasukan ay saklaw ng Social Security. Ang ilan sa mga manggagawang ito ay—

- Karamihan sa mga manggagawang federal na nabigyan ng trabaho bago ng taong 1984 (magmula noong ika-1 ng Enero 1983, ang lahat ng manggagawang federal na ito ay nagbayad na sa Medicare hospital insurance na bahagi ng buwis sa Social Security);
- Mga manggagawa sa daang-bakal na mayroong higit pa sa 10 taong serbisyo;
- Mga ilang mga manggagawa ng state at lokal na pamahalaan na piniling huwag sumali sa Social Security; o
- Mga batang wala pa sa edad na 21 taong gulang na gumagawa na ng mga gawain sa bahay para sa kanilang magulang (maliban

sa batang may edad na 18 taong gulang o mas may edad na rito na nagta-trabaho sa sariling kalakalan ng kanilang magulang).

Paka-siguraduhin na ang iyong mga talaan ay tamang-tama

Bawat taon, ang iyong pinaglilingkuran ay nagpapadala ng kopya ng iyong W-2 (*Wage and Tax Statement—Pahayag ng Sahod at Buwis*) sa Social Security. Ang Social Security ay inihahambing ang iyong pangalan at numero ng Social Security ng W-2 sa aming mga talaan. Kapag nahanap namin ang iyong pangalan at numero, ang iyong mga kinita na nasa W-2 ay aming itatala sa habang-buhay na talaan ng mga kinita mo. Ang habang-buhay na talaang ito ng mga kinita mo ang ginagamit namin upang paka-tiyaking makakakuha ka ng mga benepisyo sa hinaharap at kung gaano ang halaga ng iyong magiging benepisyo.

Punahin sa simula pa lang na ang iyong pangalan at numero ng Social Security sa card ay kapareho ng nasa mga talaan ng taga gawa ng pasuweldo ng iyong pinaglilingkuran at ng W-2. Kung hindi magkapareho ang mga ito, maaaring makakuha ng sulat mula sa Social Security ang iyong pinaglilingkuran. Ang sulat na ito ay hindi nangangahulugang dapat palitan ng iyong pinaglilingkuran ang iyong trabaho, dapat ka niyang tanggalin o sesantihin ka o dapat siyang gumawa ng ibang kilusan laban sa iyo. Dapat mong isaayos ang kamaliang ito. Nasa sa iyo na dapat siguraduhin na ang dalawang talaang ito ay magka-tugma. Kung mali ang Social Security card mo, makipag-alam sa saan mang tanggapan ng Social Security. Sabihin sa iyong pinaglilingkuran kung ang iyong pangalan at numero ng Social Security ay hindi tama sa kanilang talaan.

Pagtawag sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang makahanap ng mga kopya ng aming mga inilimbag na lathalain, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre, sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**). Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang aming awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Sa pangkalahatan, hindi mo na kailangang maghintay nang matagal kung ikaw ay tatawag sa loob ng linggo matapos ang Martes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw.

Nais din naming siguraduhin na makatatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

Social Security Administration
SSA Publication No. 05-10072-TL
How You Earn Credits (Tagalog)
January 2014